

١٠٠ سُنَّة ثابتة - فلبيني

# 100 Sunnah na Pinagtibay



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦. فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

142

# 100 Sunnah na Pinagtibay

١٠٠ سُنَّة ثابتة



جمعية الدعوة والارشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

١٠٠ سنّة ثابتة

إعداد وترجمة

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي  
الطبعة الأولى: ١٤٢٧/٣ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٧ هـ  
فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

شعبة توعية الجاليات بالزلفي  
٣٠٠ حديث من الصحيحين/ شعبة توعية الجاليات بالزلفي -  
الزلفي، ١٤٢٩ هـ

١١٧ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٩-٣-٨٠١٣-٩٩٩-٩٧٨

(النصوص باللغة الفلبينية)

١- الحديث الصحيح أ. العنوان

١٤٢٩/٢٠٤٢

ديوي ٢٣٧,٧

رقم الإيداع: ١٤٧٩/١٤٢٧

ردمك: ٢-٩٥-٨٦٤-٩٩٦٠

## محتويات الكتاب

٧	سنن النوم
١٠	سنن الوضوء والصلاة
٢٩	سنن الصيام
٣٣	سنن السفر
٣٥	سنن اللباس والطعام
٤٠	الذكر والدعاء
٤٩	سنن متنوعة

## Mga Nilalaman

Ang mga Sunnah sa Pagtulog	7
Ang mga Sunnah sa Saláh at Wudú'	10
Ang mga Sunnah sa Pag-aayuno	29
Ang mga Sunnah sa Paglalakbay	33
Ang mga Sunnah sa Kasuutan at Pagkain	35
Ang Dhikr at ang Du‘á'	40
Sarisaring Sunnah	49



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

## 100 Sunnah na Pinagtibay

عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله ﷺ: «إن الله تعالى قال: من عادى لي ولياً فقد آذنته بالحرب، وما تقرب إليَّ مما افترضته عليه، وما زال عبدي يتقرب إليَّ بالنوافل حتى أحبه، فإذا أحببته: كنت سمعه الذي يسمع به، وبصره الذي يبصر به، ويده الذي يبطش بها، ورجله التي يمشي بها، وإن سألني لأعطينه، ولئن استعاذني لأعيذنه، وما ترددت في شيء أنا فاعله ترددي عن نفس المؤمن، يكره الموت وأنا أكره مساءته»

رواه البخاري: ٦٥٠٢

Ayon kay Abú Hurayrah (RA)<sup>1</sup> na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS):<sup>2</sup> *Tunay na si Allah – pagkataas-taas Niya – ay nagsabi: Ang sinumang umaway sa isang Ko tinangkilik ay nagpahayag na Ako sa kanya ng digmaan. Hindi nagpapa-kalapit sa Akin ang Lingkod Ko sa pamamagitan ng anumang higit na*

<sup>1</sup> (RA): *Radīyallāhu ‘Anhu* para sa isang lalaki, *Radīyallāhu ‘Anhá* para sa isang babae, *Radīyallāhu ‘Anhum* para sa marami. Ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

<sup>2</sup> (SAS): Sallallāhu ‘Alayhi wa Sallam: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

*kaibig-ibig sa Akin kaysa sa [mga pagsambang] isinatungkulin Ko sa kanya. Hindi titigil ang Lingkod Ko na nagpapakalapit sa Akin sa pamamagitan ng mga kusang-loob na pagsamba hanggang sa ibigin Ko siya. Kaya kapag inibig Ko siya, magiging Ako ang pandinig niya na ipinandinig niya, ang paningin niya na ipinaniningin niya, ang kamay niya na ipinanghahawak niya at ang paa niya na ipinanlalakad niya. Kung manghihingi siya sa Akin, talagang bibigyan Ko nga siya. Talagang kung magpapakupkop siya sa Akin, talagang kukupkupin Ko nga siya. Hindi Ako nag-aatubili sa isang bagay na Ako ay gumagawa nito gaya ng pag-aatubili Ko sa [pagbawi sa] kaluluwa ng mananampalataya samantalang nasusuklam siya sa kamatayan at Ako naman ay nasusuklam sa pag-inis sa kanya.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 6502.)*

## سنن النوم

### Ang mga Sunnah<sup>3</sup> sa Pagtulog

١ - **النوم على وضوء**: قال النبي - ﷺ - للبراء بن عازب رضي الله عنه: «إذا أتيت مضجعك، فتوضأ وضوءك للصلاة، ثم اضطجع على شقك الأيمن... الحديث» [متفق عليه: ٦٣١١، ٦٨٨٢]

**1. Ang Pagtulog na May Wudú’.** Nagsabi ang Propeta (SAS) kay al-Barrá’ ibnu ‘Ázib (RA): *“Kapag pupunta ka sa higaan mo ay magsagawa ka ng wudú’ mo para sa saláh at pagkatapos ay mahiga ka sa kanang bahagi ng katawan mo.”* (Muttafaq ‘Alayhi:<sup>4</sup> 6311/6882.)

٢ - **قراءة سورة الإخلاص، والمعوذتين قبل النوم**: عن عائشة رضي الله عنها، أن النبي - ﷺ - كان إذا أوى إلى فراشه كل ليلة جمع كفيه ثم نفث فيهما، فقرأ فيهما: «قل هو الله أحد» و «قل أعوذ برب الفلق» و «قل أعوذ برب الناس»، ثم مسح بهما ما استطاع من جسده، يبدأ بهما على رأسه ووجهه، وما أقبل من جسده، يفعل ذلك ثلاث مرات. [رواه البخاري: ٥٠١٧]

<sup>3</sup> Ang Sunnah ay tumutukoy sa kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS). Ang gawain na sunnah ay kanais-nais dahil ito ay ginagawa noon ng Propeta (SAS), ngunit hindi tungkuling kinakailangang isagawa.

<sup>4</sup> Hadith na kapwa isinalaysay nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim. Ang unang bilang ay ang nasa tala ni Imám al-Bukhári at ang ikalawa nasa tala ni Imám Muslim.



**2. Ang Pagbigkas ng mga Súrah al-Ikhlás, al-Falaq at an-Nás Bago Matulog.** Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Ang Propeta (SAS), kapag pumupunta sa higaan niya tuwing gabi, ay pinag-didikit ang dalawang palad niya, pagkatapos ay umiihip siya sa dalawang ito at binibigkas niya sa dalawang ito ang Súrah al-Ikhlás, Súrah al-Falaq at Súrah an-Nás, pagkatapos ay pinupunasan niya sa pamamagitan ng dalawang ito sa ang makakaya niya sa katawan niya. Nagsisimula siya sa pamamagitan ng dalawang ito sa ulo niya, mukha niya at sa harap ng katawan niya. Ginagawa niya nang tatlong ulit.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 5017.)

٣ - **التكبير والتسبيح عند المنام:** عن علي رضي الله عنه ، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - قال حين طلبت منه فاطمة - رضي الله عنها - خادمًا: «ألا أدلكما على ما هو خير لكما من خادم؟ إذا أويتما إلى فراشكما، أو أخذتما مضاجعكما، فكبرا أربعًا وثلاثين، وسبحا ثلاثًا وثلاثين، واحمدا ثلاثًا وثلاثين. فهذا خير لكما من خادم» [متفق عليه: ٦٣١٨، ٦٩١٥]

**3. Ang Pagsasabi ng Alláhu Akbar at Subhá'nalláh sa Pagtulog.** Ayon kay ‘Álí (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi nang humiling sa kanya si Fátimah ng isang katulong: “*Gagabayan ko ba kayo sa higit na mabuti para sa inyo kaysa sa isang katulong? Kapag pumunta kayo sa higaan ninyo o nahiga kayo sa mga tulugan ninyo ay magsabi kayo ng Alláhu Akbar nang tatlumpu’t-apat, magsabi kayo ng*

***Subhánalláh nang tatlumpu't-tatlo, at magsabi kayo ng Alhamdu Lilláh nang tatlumpu't-tatlo, sapagkat ito ay higit na mabuti para sa inyo kaysa sa isang katulong.***” (Muttafaq ‘Alayhi: 6318/6915.)

٤ - **الدعاء حين الاستيقاظ أثناء النوم:** عن عبادة بن الصامت رضي الله عنه ، عن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال: « من تعارَّ من الليل فقال: لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، وهو على كل شيء قدير، الحمد لله، وسبحان الله، والله أكبر، ولا حول ولا قوة إلا بالله، ثم قال: اللهم اغفر لي، أو دعا، استُجيب له، فإن تَوَضَّأَ وصى قُبِلتْ صلاته » [رواه البخاري: ١١٥٤]

**4. Ang Panalangin Kapag Nagising sa Gitna ng Tulog.** Ayon kay Ubádah ibnu as-Sámit (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***“Ang sinumang nagising sa gitna ng tulog sa gabi at nagsabi ng lá iláha illalláh wahdahu lá sharíka lah, lahul mulku wa lahul hamd wa huwa ‘alá kulli shay’in qadir, alhamdu lilláh, subhánalláh, alláhu akbar, wa lá hawla wa lá qúwata illá billáh pagkatapos ay nagsabi ng Alláhummaghfir lí<sup>5</sup> o dumalangin, tutugunin siya; at kung nagsagawa siya ng wudú’ at nagdasal, tatanggapin ang saláh niya.***” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 1154.)

<sup>5</sup> Walang Diyos kundi si Alláh, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa lahat ng bagay ay may-kakayahan. Ang papuri ay ukol kay Allah; Kaluwalhatian kay Allah; at Si Allah ay dakila; walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. **Pagkatapos ay nagsabi ng O Allah patawarin Mo po ako.**

٥ - الدعاء عند الاستيقاظ من النوم بالدعاء الوارد: (( الحمد لله الذي أحيانا بعدما أماتنا، وإليه النشور )) [ رواه البخاري من حديث حذيفة بن اليمان ر: ]  
[٦٣١٢]

**5. Ang Panalangin Pagkagising Mula sa Tulog** sa pama-magitan ng du‘á’ na nasasaad sa Hadíth: “Alhamdu lilláhil ladhí ahyáná ba‘da má amátaná wa ilayhin nushúr.”<sup>6</sup> (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári mula sa Hadíth ayon kay Hudhayfah ibnu al-Yamán (RA): 6312.)

## سنن الوضوء والصلاة

### Ang Mga Sunnah sa Saláh at Wudú’

٦ - المضمضة والاستنشاق من غرفة واحدة: عن عبد الله بن زيد  ، أن رسول الله - ﷺ -: (( تمضمض ، واستنشق من كف واحدة )) [ رواه مسلم: ٥٥٥ ]

**6. Ang Pagmumumog at ang Pagsinga ng Tubig mula sa Iisang Pagsalok.** Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Zayd, ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagmumog at nagsinga [ng tubig na ipinasok sa ilong] mula sa iisang palad na tubig. (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 555.)

---

<sup>6</sup> Ang papuri ay ukol kay Allah na bumuhay sa atin matapos na binawian Niya tayo ng buhay. Sa Kanya ang Pagbubuhay.



٧ - **الوضوء قبل الغسل** : عن عائشة رضي الله عنها، أَنَّ النبي - ﷺ - : « كان إذا اغتسل من الجنابة ، بدأ فغسل يديه ، ثم توضأ كما يتوضأ للصلاة ، ثم يدخل أصابعه في الماء ، فيخلل بها أصول الشعر ، ثم يَصُبُّ على رأسه ثلاث غُرْفٍ بيديه ، ثم يُفَيضُ الماء على جلده كله » [رواه البخاري: ٢٤٨]

**7. Ang Wudú' Bago ang Ghosl.** Ayon kay 'Á'ishah (RA), ang Propeta (SAS), kapag maliligo dahil sa janábah,<sup>7</sup> ay nagsisimula [ng ganito]: hinuhugasan niya ang mga kamay niya, pagkatapos ay nagsasagawa ng wudú' gaya ng pagsasagawa niya ng wudú' para sa saláh, pagkatapos ay ipinapasok niya ang mga daliri niya sa tubig at hinahaplos niya sa pamamagitan ng mga ito ang mga tinutubuan ng buhok [sa ulo], pagkatapos ay nagbubuhos siya sa ulo niya ng tatlong salok sa pamamagitan ng mga kamay niya, pagkatapos ay masaganang nagbu-buhos ng tubig sa lahat ng balat niya. (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 248.)


٨ - **التشهد بعد الوضوء** : عن عمر بن الخطاب - رضي الله عنه - قال : قال رسول الله - ﷺ - : « ما منكم من أحد يتوضأ فيسبغ الوضوء ثم يقول : أشهد أن لا إله إلا الله ، وأنَّ محمداً عبده ورسوله إلا فتحت له أبواب الجنة الثمانية ، يدخل من أيها شاء » [رواه مسلم : ٢٣٤]

<sup>7</sup> Ang kalagayan ng tao, matapos makipagtalik o nilabasan ng punlay o matapos ang buwanang regla, na kinakailangan siyang maligo.

**8. Ang Pagbigkas ng Shahádah Matapos ang Wudú’.** Ayon kay ‘Umar ibnu al-Khattáb na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag mayroon sa inyo na isang nagsasagawa ng wudú’ at nilulubos ang pagsasagawa ng wudú’, pagkatapos ay magsasabi ng ash’hadu an lá iláha illalláh wa anna Muḥam-madan ‘abduhu wa rasúluh, bubuksan para sa kanya ang walong pinto ng Paraiso, na makapapasok siya sa alin man sa mga ito na nanaiisin niya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 234.)

٩ - **الاقتصاد في الماء:** عن أنس -  - قال: « كان النبي -  - يغتسل بالصاع إلى خمسة أمداد ، ويتوضأ بالمد » [متفق عليه: ٢٠١، ٧٣٧]

**9. Ang Pagtitipid sa Tubig.** Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: “Ang propeta noon ay naliligo sa pamamagitan ng isang *sá’* [na tubig] hanggang limang *mudd*<sup>8</sup> at nagsasagawa ng wudú’ sa pama-magitan ng isang *mudd*.” (Muttafaq ‘Alayhi: 201/737.)

١٠ - **صلاة ركعتين بعد الوضوء:** قال النبي -  - : « من توضأ نحو وضوئي هذا ، ثم صلى ركعتين لا يُحدِّثُ فيهما نفسه ، غفر له ما تقدم من ذنبه » [متفق عليه من حديث حُمران مولى عثمان رضي الله عنهما: ١٥٩ ، ٥٣٩]

<sup>8</sup> Ang isang *sá’* ay katumbas ng apat na *mudd*. Ang isang *mudd* ay isang dakot o isang salok ng magkadikit na nakabukas na dalawang palad.

**10. Dalawang Rak‘ah na Saláh Matapos ang Wudú’.** Nagsabi ang Propeta (SAS): *“Ang sinumang magsagawa ng wudú’ gaya ng wudú’ kong ito, pagkatapos ay nagdasal ng dala-wang rak‘ah na hindi niya kinakausap ang sarili,<sup>9</sup> patatawarin siya sa nauna sa pagkakasala.”* (Muttafaq ‘Alayhi: 159/153.)

١١ - **التريد مع المؤذن ثم الصلاة على النبي - ﷺ** - : عن عبدالله بن عمرو رضي الله عنهما ، أنه سمع النبي - ﷺ - يقول : (( إذا سمعتم المؤذن فقولوا مثل ما يقول ، ثم صلوا عليّ ، فإنه من صلى عليّ صلاة ، صلى الله عليه بها عشرًا ... الحديث )) [رواه مسلم : ٨٤٩] **ثم يقول** بعد الصلاة على النبي - ﷺ - : ( اللهم رب هذه الدعوة التامة ، والصلاة القائمة ، آت محمداً الوسيلة والفضيلة ، وابعثه مقاماً محموداً الذي وعدته ) رواه البخاري . من قال ذلك حلت له شفاعة النبي - ﷺ - .

**11. Ang Pag-uulit sa Sinasabi ng Mu‘adhdhin, Pagkatapos ay ang Pagdalangin Para sa Propeta.** Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Amr (RA), narinig niya ang Propeta (SAS) na nagsasabi: *“Kapag narinig ninyo ang mu‘adhdhin ay sabihin ninyo ang tulad sa sinasabi niya, pagkatapos ay manalangin kayo para sa akin sapagkat ang sinumang dumalangin para sa akin ng isang pagpapala, pagkakalooban siya ni Allah ng sampung pagpapala.”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 849.)

<sup>9</sup> Hindi kinakausap ang sarili: taimtim at hindi lumilipad ang isip.

Pagkatapos ay sasabihin matapos ang dalangin para sa Propeta (SAS): **Alláhumma rabba hádhihi -dda‘wati -ttámmah, wa -ssaláti -lqá‘imah, áti muhammadani -lwasílata wa -lfadíláh, wa -b‘athhu maqámam mahmúdani -lladhí wa‘attahu.**<sup>10</sup> (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.) Ang sinumang magsabi nito, magiging karapat-dapat siya sa Pamamagitan ng Propeta (SAS).

١٢ - **الإكثار من السواك**: عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - قال: «لولا أن أشق على أمتي، لأمرتهم بالسواك عند كل صلاة» [متفق عليه: ٨٨٧، ٥٨٩] ❖ **كما أن من السنة**، السواك عند الاستيقاظ من النوم، وعند الوضوء، وعند تغيير رائحة الفم، وعند قراءة القرآن، وعند دخول المنزل.

**12. Ang Madalas na Paggamit ng Siwák.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **“Kung hindi sana makabibigat sa mga tagasunod ko, talagang ipinag-utos ko na sana sa kanila ang paggamit ng siwák sa bawat ḡaláh.”** (Muttafaq ‘Alayhi: 887/589.) **Bahagi rin ng Sunnah** ang paggamit ng siwák kapag nagising mula sa pagkatulog, kapag magsasagawa ng wudú‘, kapag nagbago ang amoy ng bibig, kapag magbabasa ng Qur’an, at kapag papasok sa bahay.

<sup>10</sup> O Allah, Panginoon ng ganap na panawagan na ito at ḡaláh na isasagawa, bigyan mo po si Muhammad ng karapatang mamagitan at kalamangan. Ibangon Mo po siya sa kapuri-puring katayuan, na ipinangako Mo.

١٣ - **التبكير إلى المسجد** : عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال : قال رسول الله ﷺ : «... ولو يعلمون ما في التهجير ( التبكير ) لاستبقوا إليه ... الحديث » [متفق عليه: ٦١٥، ٩٨١]

**13. Ang Maagang Pagpunta sa Masjid.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kung nalalaman lamang nila ang [biyaya] sa maagang pag-punta [sa masjid], talagang nag-unahan na sana sila roon.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 615/981.)

١٤ - **الذهاب إلى المسجد ماشيا** : عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله ﷺ - قال : « ألا أدلكم على ما يمحو الله به الخطايا ، ويرفع به الدرجات » قالوا: بلى يا رسول الله. قال : « إسباغ الوضوء على المكاره ، وكثرة الخطا إلى المساجد ، وانتظار الصلاة بعد الصلاة ، فذلكم الرباط » [رواه مسلم: ٢٥١]

**14. Ang Pagpunta sa Masjid Nang Naglalakad.** Ayon kay Abú Hurayrah, ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ituturo ko ba sa inyo ang ipinampapawi ni Allah sa mga kasalanan at ang ipinantataas Niya sa mga antas?*” Nagsabi sila: “Opo, o Sugo ni Allah.” Nagsabi siya: “*Ang paglubos sa pagsasagawa ng wudú‘ sa mga mahirap na sandali, ang maraming paghak-bang tungo sa mga masjid at ang paghihintay sa isang ṣaláh matapos ang isang ṣaláh. Iyan ang pagbibigkis [sa sarili sa ibig ni Allah].*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 251.)



١٥ - **إتيان الصلاة بسكينة ووقار:** عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال: سمعت رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يقول: « إذا أقيمت الصلاة فلا تأتوها تسعون، وأتوها تمشون، وعليكم السكينة، فما أدركتم فصلوا، وما فاتكم فأتموا » [متفق عليه: ١٣٥٩، ٩٠٨]

**15. Ang Pagpunta sa Saláh Nang may Kapanatagan at Kahinahunan.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *Kapag nai-sagawa ang iqámah sa saláh ay huwag kayong pumunta roon na tumatakbo bagkus pumuta kayo na naglalakad. Panatilihin ninyo ang kapanatagan. Kaya ang anumang naabutan ninyo ay dasalin ninyo; at ang anumang nalaktawan ninyo ay lubusin ninyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 908/1359.)

١٦ - **الدعاء عند دخول المسجد، والخروج منه:** عن أبي حميد الساعدي، أو عن أبي أسيد - رضي الله عنهما - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم -: « إذا دخل أحدكم المسجد فليقل: اللهم افتح لي أبواب رحمتك، وإذا خرج فليقل: اللهم إني أسألك من فضلك » [رواه مسلم: ١٦٥٢]

**16. Ang Panalangin Kapag Papasok sa Masjid at Kapag Lalabas.** Ayon kay Abú Humayd as-Sá'idí o ayon kay Abú Usayd (RA) na nagsabi: “*Nagsabi ang Sugo ni Allah: Kapag papasok ang isa sa inyo sa masjid ay magsabi ng Alláhum-maftah lí abwába*

**rahmatik,**<sup>11</sup> *at kapag lumabas ay magsabi siya ng alláhumma inní as'aluka min fadlik.*<sup>12</sup> (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1652.)

١٧ - الصلاة إلى سترة : عن موسى بن طلحة عن أبيه قال : قال رسول الله - ﷺ : (( إذا وضع أحدكم بين يديه مثل مؤخرة الرجل فليُصَلِّ ، ولا يبال مَنْ مر وراء ذلك )) [ رواه مسلم : ١١١١ ] ♦ **السترة هي** : ما يجعله المصلي أمامه حين الصلاة ، مثل : الجدار ، أو العمود ، أو غيره. **ومؤخرة الرجل** : ارتفاع ثلثي ذراع تقريبا.

**17. Ang Saláh na Nakaharap sa Sutraḥ.** Ayon kay Músá ibnu Talḥah, ayon sa ama niya na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag naglagay ang isa sa inyo sa harap niya ng tulad ng likuran ng sintadera [ang taas]*<sup>13</sup> *ay magdasal siya at huwag pansinin ang sinumang dumaan sa likod niyon.*” (Isina-laysay ito ni Imám Muslim: 1111.) Ang **sutraḥ** ay ang nakalagay sa harap ng isang nagdarasal kapag nagdarasal, gaya ng dingding, haligi at iba pa.

<sup>11</sup> O Allah, buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo.

<sup>12</sup> O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng bahagi ng kagandahang-loob mo.

<sup>13</sup> Ang taas ng likuran ng sintadera ay mga isang 12 pulgada o 30 sentimetro. Ang sintadera ay ang inilalagay sa likuran ng kabayo o kamelyo para upuan. Tinatawag din itong siya.

١٨ - **الإقعاء بين السجدين**: عن أبي الزبير أنه سمع طاووساً يقول: قلنا لابن عباس - رضي الله عنه - في الإقعاء على القدمين، فقال: «هي السنة»، فقلنا له: إنا لنراه جفاء بالرجل، فقال ابن عباس: «بل هي سنة نبيك - صلى الله عليه وسلم» [رواه مسلم: ١١٩٨] ♦ **الإقعاء** هو: نصب القدمين والجلوس على العقبين، ويكون ذلك حين الجلوس بين السجدين.

**18. Ang Upong Iq‘á’ sa Pagitan ng Dalawang Patirapa.** Ayon kay Abú Zubayr, narinig niya si Táwús na nagsasabi: “Sinabi namin kay Ibnu ‘Abbás ang tungkol sa upong iq‘á’ sa mga paa. Kaya sinabi niya: Ito ay sunnah. Tunay na itinuturing namin ito na kalupitan sa paa. Kaya nagsabi si Ibnu ‘Abbás: Bagkus ito ay sunnah ng Propeta ninyo (SAS).” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1198.) Ang **iq‘á’** ay ang pagtukod sa mga paa kasabay ng pag-upo sa mga sakong, at ito ay sa sandali ng pag-upo sa pagitan ng dalawang patirapa.

١٩ - **التورك في التشهد الثاني**: عن أبي حميد الساعدي - رضي الله عنه - قال: «كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - إذا جلس في الركعة الآخرة، قدم رجله اليسرى، ونصب الأخرى، وقعد على مقعدته» [رواه البخاري: ٨٢٨]

**19. Ang Upong Tawarruk sa Ikalawang Tashahhud.** Ayon kay Abú Humayd as-Sá‘idí na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah noon, kapag naupo sa huling rak‘ah, ay

isunusulong<sup>14</sup> niya ang kaliwang paa niya, itinu-tukod niya ang iba pa at umuupo siya sa pigi niya.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 828.)

٢٠ - **الإكثار من الدعاء قبل التسليم:** عن عبد الله بن عمر - رضي الله عنهما - قال: «كنا إذا كنا مع النبي في الصلاة - ﷺ -، إلى أن قال: ثم ليتخير من الدعاء أعجبه إليه فيدعو» [رواه البخاري: ٨٣٥]

**20. Ang Maraming Panalangin Bago Magsabi ng Salám sa Ṣaláh.** Ayon kay ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Noong kami – kapag kami noon ay kasama ng Propeta (SAS) – ay nasa [pagsasagawa ng] ṣaláh...pagkatapos [bago magsabi ng salám] ay pumili siya ng panalangin na naiibigan niya at saka manalangin.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 835.)

٢١ - **أداء السنن الرواتب:** عن أم حبيبة رضي الله عنها، أنها سمعت رسول الله - ﷺ - يقول: «( ما من عبد مسلم يصلي لله كل يوم ثنتي عشرة ركعة تطوعاً غير الفريضة، إلا بنى الله له بيتاً في الجنة )» [رواه مسلم: ١٦٩٦]

❖ **السنن الرواتب:** عددها اثنا عشرة ركعة، في اليوم والليلة: أربع ركعات قبل الظهر، وركعتان بعدها، وركعتان بعد المغرب، وركعتان بعد العشاء، وركعتان قبل الفجر.

<sup>14</sup> Inilalagay sa ilalim ng kanang lulod.

**21. Ang Pagsasagawa ng mga Saláh na Sunnah.** Ayon kay Umm Habíbah (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *“Walang isang lingkod na Muslim na nagdarasal kay Allah sa bawat araw ng labindalawang rak‘ah na [ṣaláh na] pagkukusang-loob, hindi [ṣaláh na] isinatungkulin, na hindi gagawan ito ni Allah ng isang bahay sa Paraiso.”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1696.) Ang mga saláh na sunnah o sunnah rátibah ay labindalawang rak‘ah: anim na ṣaláh na dalawahang rak‘ah sa araw at gabi. Dalawang ṣaláh na dalawahang rak‘ah bago ang ṣaláh na dhuhr, isang ṣaláh na dalawahang rak‘ah matapos ang ṣaláh na dhuhr, isang ṣaláh na dalawahang rak‘ah matapos ang ṣaláh na maghrib at isang ṣaláh na dalawahang rak‘ah matapos ang ṣaláh na ‘ishá’.

٢٢ - **صلاة الضحى**: عن أبي ذر رضي الله عنه ، عن النبي ﷺ - أنه قال :  
 ((يصبح على كل سلامى (أى: مفصل) من أحدكم صدقة، فكل تسبيحة صدقة، وكل تحميدة صدقة، وكل تهليلة صدقة، وكل تكبيرة صدقة، وأمر بالمعروف صدقة، ونهي عن المنكر صدقة، ويجزىء من ذلك ركعتان يركعهما من الضحى)) [رواه مسلم: ١٦٧١]  
 ❖ **وأفضل** وقتها حين ارتفاع النهار، واشتداد حرارة الشمس ، ويخرج وقتها بقيام قائم الظهيرة، وأقلها ركعتان، ولا حدًّا لأكثرها.

**22. Ang Salátudduhá.**<sup>15</sup> Ayon kay Abú Dharr, ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: *“Sa umaga, tungkulin ng bawat kasu-kasuan ng [bawat] isa sa inyo na magbigay ng kawanggawa. Bawat pagsabi ng subhánalláh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng alhāmdulilláh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng lá iláha illalláh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng Alláhu akbar ay kawanggawa. Ang pag-uutos ng nakabubuti ay kawanggawa at ang pagsaway ng nakasasama ay kawanggawa. Maitutumbas roon ang dalawang rak‘ah na dadasalin sa umaga.”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1671.) Ang pinakamainam na oras nito ay kapag mataas na ang araw at matindi na ang init ng araw. Natapos ang oras nito kapag nagtanghaling-tapat na. Ang pinakakaunti nito ay dalawang rak‘ah. Walang takdang bilang ang pinakamarami nito.

٢٣ - **قيام الليل** : عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله ﷺ - سئل : أي

الصلاة أفضل بعد المكتوبة ، فقال : «أفضل الصلاة بعد الصلاة المكتوبة ،

الصلاة في جوف الليل» [رواه مسلم : ٢٧٥٦]

**23. Ang Qiyámul Layl.**<sup>16</sup> Ayon kay Abú Hurayrah, ang Sugo ni Allah (SAS) ay tinanong kung aling saláh


<sup>15</sup> Isinasagawa ito gaya ng karaniwang saláh na sunnah: dalawang rak‘ah at isang taslím.

<sup>16</sup> Anumang sunnah na saláh sa gabi gaya ng salátul witr, salátut taráwih at tahajjud.

ang pinakamainam pagkatapos ng saláh na isinatungkulin, kaya sinabi niya: “*Ang pinakamainam na saláh pagkatapos ng saláh na isinatung-kulin ay ang saláh sa kalaliman ng gabi.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2756.)

٢٤ - **صلاة الوتر**: عن ابن عمر رضي الله عنهما، أن النبي - ﷺ - قال: « اجعلوا آخر صلاتكم بالليل وترًا » [متفق عليه: ١٧٥٥، ١٩٩٨]

**24. Ang Salátulwitr.**<sup>17</sup> Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: “*Gawin ninyo ang huling saláh ninyo sa gabi na salátulwitr.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 998/1755.)

٢٥ - **الصلاة في النملين** إذا تحققت طهارتهما: سئل أنس بن مالك : أكان النبي - ﷺ - يصلي في نعليه؟ قال: « نعم » [رواه البخاري: ٣٨٦]

**25. Ang Saláh na Nakasuot ng Sapatos o Sandal** kapag natiyak ang kalinisan ng mga ito. Tinanong si Anas Ibnu Málík kung ang Propeta ba noon ay nagdarasal na nakasuot ng sandal niya? Sinabi niya: “Oo.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 386.)

<sup>17</sup> Isang uri ng sunnah na saláh na binubuo ng gansal (odd) na bilang ng rak‘ah: 1 o 3 o 5 o 7 at kahit ilan pang rak‘ah.

٢٦ - الصلاة في مسجد قباء: عن ابن عمر - رضي الله عنهما - قال: (( كان النبي - ﷺ - يأتي قباء راكباً وماشيّاً )) زاد ابن نمير: حدثنا عبيدالله، عن نافع: (( فيصلي فيه ركعتين )) [متفق عليه: ١١٩٤، ٣٣٩٠]

**26. Ang Saláh sa Masjid ng Qubá’.** Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Ang Propeta ay pumupunta noon sa [Masjid ng] Qubá’ na nakasakay o naglalakad.” Idinagdag naman ni Ibnu Numayr: “Isinalaysay sa amin ni ‘Ubaydulláh ayon kay Náfi’: At nagdarasal siya roon ng dalawang rak‘ah.” (Muttafaq ‘Alayhi: 1194/3390.)

٢٧ - أداء صلاة النافلة في البيت: عن جابر - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - ﷺ -: (( إذا قضى أحدكم الصلاة في مسجده فليجعل لبيته نصيباً من صلاته، فإن الله جاعل في بيته من صلاته خيراً )) [رواه مسلم: ١٨٢٢]

**27. Ang Pagsasagawa ng Saláh na Sunnah sa Bahay.** Ayon kay Jábir (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag natapos ng isa sa inyo ang saláh sa masjid niya ay gumawa siya para sa bahay niya ng isang bahagi mula sa saláh niya sapagkat tunay na si Allah ay maglalagay sa bahay niya ng mabuti mula sa saláh niya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1822.)



٢٨ - **صلاة الاستخارة**: عن جابر بن عبد الله - رضي الله عنه - قال: « كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يعلمنا الاستخارة في الأمور كما يعلمنا السورة من القرآن » [رواه البخاري: ١١٦٢]

❖ **وصفتها** كما ورد في الحديث السابق: أن يصلي المرء ركعتين، ثم يقول: « اللهم إني أستخيرك بعلمك، وأستقدرك بقدرتك، وأسألك من فضلك العظيم، فإنك تقدر ولا أقدر، وتعلم ولا أعلم، وأنت علام الغيوب، اللهم إن كنت تعلم أن هذا الأمر (ويسمي حاجته) خير لي في ديني، ومعاشي، وعاقبة أمري، فاقدره لي، ويسره لي، ثم بارك لي فيه، وإن كنت تعلم أن هذا الأمر شر لي في ديني، و معاشي، وعاقبة أمري، فاصرفه عني، واصرفني عنه، واقدر لي الخير حيث كان ثم أرضني به ».

**28. Salátul’istikhárah.** Ayon kay Jábir ibnu ‘Abdulláh na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagtuturo sa amin noon ng istikhárah<sup>18</sup> sa mga bagay-bagay gaya ng pagtuturo niya sa amin ng súrah ng Qur’an.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 1162.) **Ang paraan ng pagsasagawa nito** ay nasasaad sa nabanggit na Hadíth: magdarasal ng dalawang rak’ah pagkatapos ay sasabihin: **Alláhumma inní astakhíruka bi’ilmika, wa astaqdiruka bi-qudratik, wa as’aluka min fadlikal ‘adhími, fa’innaka taqdiru wa lá aqdir, wa ta’lamu wa lá a’lamu, wa anta ‘allámul ghuyúb.** Alláhumma in kunta ta’lamu anna hádhal amra [banggitin dito ang kailangan] **khayrun lí fí díní wa ma’áshí wa ‘áqibati**

<sup>18</sup> Panalangin na humihingi ng patnubay kay Allah para sa gagawing pagpapasya.

amrí, faqdirhu lí wa yassirhu lí, thumma bárik lí fíhi. wa in kunta ta‘lamu anna hádhal amra sharrun lí fí díní wa ma‘áshí wa ‘áqibati amrí, faşrifhu ‘anní waşrifní ‘anhu, waqdir lil khayra haythu kána, thumma arđíní bih.<sup>19</sup>

٢٩ - الجلوس في المصلى بعد صلاة الفجر حتى تطلع الشمس: عن جابر بن سمرة رضي الله عنه: (( أن النبي ﷺ - كان إذا صلى الفجر جلس في مصلاه حتى تطلع الشمس حسنا )) [رواه مسلم: ١٥٢٦]

**29. Ang Pananatili sa Pinagdadasalan Matapos ang Saláh sa Fajr** hanggang sa sumikat ang araw. Ayon kay Jábir ibnu Samurah: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag nakapagdasal na siya sa fajr, ay umuupo sa pinagdadasalan niya hanggang sa sumikat ang araw nang maigi.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 1526.)

<sup>19</sup> O Alláh, sumasangguni ako sa Iyo sa pamamagitan ng kaalaman Mo. Humihiling ako sa Iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng kakayahan Mo. Humihingi ako mula sa dakilang kagandahang-loob Mo, sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakaya at hindi ako nakakakaya, at nakaalam Ka at hindi ako nakaalam at Ikaw ay ang pinakanakaalam sa mga nakalingid. O Alláh, kung nalalamn Mo na ang bagay na ito ay mabuti para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko itakda Mo na mangyari ito sa akin at pagaanin Mo ito para sa akin, pagkatapos ay biyayaan Mo ako rito. Kung nalalaman Mo na ang bagay na ito ay masama para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko ilayo Mo ito sa akin at ilayo Mo ako rito, at itakda Mo na mangyari sa akin ang mabuti saanman ito, pagkatapos ay palugudin Mo ako dito.

٣٠ - **الاغتسال يوم الجمعة** : عن ابن عمر - رضي الله عنهما - قال : قال رسول الله ﷺ : (( إذا جاء أحدكم الجمعة فليغتسل )) [متفق عليه: ٨٧٧، ١٩٥١]

**30. Ang Paligo sa Araw ng Biyernes.** Ayon kay ‘Umar (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag pupunta ang isa sa inyo sa [saláh sa] Biyernes ay maligo siya.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 877/1951.)

٣١ - **التبكير إلى صلاة الجمعة** : عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال : قال رسول الله ﷺ : (( إذا كان يوم الجمعة ، وقفت الملائكة على باب المسجد ، يكتبون الأول فالأول ، ومثل المهجر (أي: المبكر) كمثل الذي يهدي بدنة ، ثم كالذي يهدي بقرة ، ثم كبشاً ، ثم دجاجة ، ثم بيضة ، فإذا خرج الإمام طووا صحفهم ، ويستمعون الذكر )) [متفق عليه: ٩٢٩، ١٩٦٤]

**31. Ang Maagang Pagdalo sa Salátul Jumu‘ah.** Ayon kay Abú Hurayrah na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag araw ng Biyernes, nakatayo ang mga anghel sa tabi ng pinto ng masjid. Sinusulat nila ang una at ang [kasunod sa] una. Ang paghahalintulad sa maagang dumating ay katulad ng nag-aalay ng isang kamelyo, pagkatapos ay gaya ng nag-aalay ng isang baka, pagkatapos ay isang tupa, pagkatapos ay isang manok, pagkatapos ay isang itlog. Kapag lumitaw na ang imám, itinutupi nila ang mga*

*talaan nila at nakikinig sa pag-aalaala [kay Allah].”*  
(Muttafaq ‘Alayhi: 929/1963.)

٣٢ - **تعري ساعة الإجابة يوم الجمعة:** عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - ذكر يوم الجمعة فقال: (( فيه ساعة ، لا يوافقها عبد مسلم ، وهو قائم يصلي ، يسأل الله تعالى شيئاً ، إلا أعطاه إياه )) وأشار بيده يقللها. [متفق عليه: ٩٣٥، ١٩٦٩]

**32. Ang Paghahanap sa Sandali ng Pagtugon sa Dalangin sa Araw ng Biyernes.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay bumanggit hinggil sa araw ng Biyernes at sinabi niya: *Dito ay may sandali na kapag natatapat doon ang isang taong Muslim habang siya ay nakatayo habang nagdarasal na humihiling kay Alláh ng isang bagay ay ibibigay nga Niya iyon sa kanya.* Ipinahiwatig niya sa pamamagitan ng kamay niya na ito ay maiksing sandali.” (Muttafaq ‘Alayhi: 935/1969.)

٣٣ - **الذهاب إلى مصلى العيد من طريق** ، والعودة من طريق آخر: عن جابر - رضي الله عنه - قال: (( كان النبي - صلى الله عليه وسلم - إذا كان يوم عيد خالف الطريق )) [رواه البخاري: ٩٨٦]

**33. Ang Pagpunta sa Dasalan ng ‘Íd na Dumadaan sa Isang Daan at ang Pag-uwi na Dumadaan sa Ibang Daan.** Ayon kay Jábir (RA) na

nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag araw ng ‘id, ay nag-iiba ng daan [pauwi].” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 986.)

٣٤ - الصلاة على الجنائز: عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: ((من شهد الجنائز حتى يصل على عليها فله قيراط، ومن شهدها حتى تدفن فله قيراطان)) قيل: وما القيراطان؟ قال: ((مثل الجبلين العظيمين)) [رواه مسلم: ٢١٨٩]

**34. Ang Pagdalo sa Ṣaláh Para sa Libing.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sinumang dumalo sa paglilibing hanggang sa dasalan ito ay magkakamit ng isang qírát, at ang sinumang dumalo rito hang-gang sa mailibing ito ay magkakamit siya ng dalawang qírát.* Sinabi: Ano ang dalawang qírát? Sinabi niya: *[Gantimpalang] gaya ng dalawang malaking bundok.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2189.)

٣٥ - زيارة المقابر: عن بريدة - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: ((كنت نهيتكم عن زيارة القبور فزوروها... الحديث)) [رواه مسلم: ٢٢٦٠]

❖ ملحوظة: النساء محرم عليهن زيارة المقابر كما أفتى بذلك الشيخ ابن باز - رحمه الله - وجمع من العلماء.

**35. Ang Pagdalaw sa mga Libingan.** Ayon kay Buraydah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah

(SAS): *Ako noon ay nagbabawal sa inyo sa pagdalaw sa mga libingan, ngunit [ngayon ay] dalawin na ninyo ang mga ito...*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2260.)

**Paalaala:** Ang mga babae ay pinagba-bawalan na dumalaw sa mga libingan ayon sa ibinigay na hatol ni Shaykh Ibnu Báz – kaawaan siya ni Allah – at ng lupon ng mga pantas ng Islam.<sup>20</sup>

## سنن الصيام

### Ang mga Sunnah sa Pag-aayuno

٣٦ - **السحور:** عن أنس - رضي الله عنه - قال : قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم : « تسحروا ؛ فإن في السحور بركة » [ متفق عليه : ١٩٢٣ ، ٢٥٤٩ ]

**36. Ang Sahúr.** Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Kumain kayo ng sahur sapagkat tunay na sa sahur ay may pagpapala.**” (Muttafaq ‘Alayhi: 1923/2549.)

٣٧ - **تعجيل الفطر،** وذلك إذا تحقق غروب الشمس : عن سهل بن سعد رضي الله عنه - قال : قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم : « لا يزال الناس بخير ما عجلوا الفطر » [ متفق عليه : ١٩٥٧ ، ٢٥٥٤ ]

<sup>20</sup> Ang hatol na iyo ay batay sa sinabi ng Sugo ni Allah (SAS): *“Isinumpa ni Allah ang mga babaeng dumadalaw sa mga libingan.”* (Sahih Ibnu Hibban.)

**37. Ang Pagmamadali sa Iftár (Pagtapos sa Pag-aayuno)** kapag natiyak ang pagkalubog ng araw. Ayon kay Sahl Ibnu Sa‘d (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **Hindi matitigil ang mga tao sa mabuti hangga’t sila ay nagmamadali sa pagtapos sa pag-aayuno.**” (Muttafaq ‘Alayhi: 1957/2554.)

٣٨ - **قيام رمضان**؛ عن أبي هريرة رضي الله عنه، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - قال: « من قام رمضان إيماناً واحتساباً غُفر له ما تقدم من ذنبه » [متفق عليه: ٢٣٧، ١٧٧٩]

**38. Ang Qiyámullayl sa Ramadán.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “**Ang sinumang magsagawa ng qiyámullayl sa buwan ng Ramadán nang may pananampalataya at pag-asang pagpapalain, patatawarin ang nagdaan niyang pagkakasala.**” (Muttafaq ‘Alayhi: 37/1779.)

٣٩ - **الاعتكاف في رمضان**، وخاصة في العشر الأواخر منه: عن ابن عمر - رضي الله عنهما - قال: « كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يعتكف العشر الأواخر من رمضان » [رواه البخاري: ٢٠٢٥]

**39. Ang I’tikáf sa Ramadán,** lalo na sa sampung huling araw nito. Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsasagawa noon ng

i'tikáf sa sampung huling araw ng Ramadán.”  
(Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 2025.)

٤٠ - **صوم ستة أيام من شوال**: عن أبي أيوب الأنصاري رضي الله عنه ، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم قال : « من صام رمضان ، ثم أتبعه ستاً من شوال ، كان كصيام الدهر » [رواه مسلم : ٢٧٥٨]

**40. Ang Pag-aayuno ng Anim na Araw sa Buwan ng Shawwál.** Ayon kay Abú Ayyúb al-Ansárl (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *Ang sinumang ikasasaya niya na mag-paluwag sa kanya sa kaloob sa kanya o magpaliban sa kanya sa taning niya ay makiugnay siya sa kaanak niya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2758.)

٤١ - **صوم ثلاثة أيام من كل شهر**: عن أبي هريرة رضي الله عنه - قال : « أوصاني خليلي بثلاث ، لا أدعهن حتى أموت : صوم ثلاثة أيام من كل شهر ، وصلاة الضحى ، ونوم على وتر » [متفق عليه : ١١٧٨ ، ١٦٧٢]

**41. Ang Tatlong Araw na Pag-ayuno sa Bawat Buwan.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagtagubilin sa akin ang matalik na kaibigan ko<sup>21</sup> ng tatlo na hindi ko tatalikdan hang-gang sa mamatay ako: pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, [pagsasagawa

<sup>21</sup> Si Propeta Muhammad (SAS) ang tinutukoy niya.



ng] salátud duhá at pagtulog matapos [magsagawa] ng salátul witr.” (Muttafaq ‘Alayhi: 1178/1672.)

٤٢ - **صوم يوم عرفة**: عن أبي قتادة رضي الله عنه ، أن رسول الله ﷺ - قال: « صيام يوم عرفة ، أحسب على الله أن يكفر السنة التي قبله ، والسنة التي بعده » [رواه مسلم: ٣٧٤٦]

**42. Ang Pag-aayuno sa Araw ng ‘Arafah.** Ayon kay Abú Qatádah (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *Ang pag-aayuno sa araw ng ‘Arafah – inaasahan ko kay Allah – ay magbabayad-sala sa taon na nauna rito at pagkatapos nito.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 3746.)

٤٣ - **صوم يوم عاشوراء**: عن أبي قتادة رضي الله عنه - قال: قال رسول الله ﷺ : «صيام يوم عاشوراء ، أحسب على الله أن يكفر السنة التي قبله » [رواه مسلم: ٣٧٤٦]

**43. Ang Pag-aayuno sa Araw ng ‘Áshúrá’.** Ayon kay Abú Qatádah na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang pag-aayuno sa Araw ng ‘Áshúrá’ ay inaasahan ko kay Allah na pagbabayarang-sala nito ang taon na nauna rito.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 3746.)

## سنن السفر

### Ang Mga Sunnah sa Paglalakbay

٤٤ - **اختيار أمير في السفر:** عن أبي سعيد، وأبي هريرة - رضي الله عنهما - قال: قال رسول الله - ﷺ: (( إذا خرج ثلاثة في سفر فليؤمروا أحدهم )) [رواه أبو داود: ٢٦٠٨]

**44. Ang Pagpili sa Pinunuo sa Paglalakbay.** Ayon kina Abú Sa‘íd (RA) at Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag lumisan ang tatlo para sa isang pagla-lakbay ay pamunuin nila ang isa sa kanila.*” (Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud: 2608.)

٤٥ - **التكبير عند الصعود والتسبيح عند النزول:** عن جابر - رضي الله عنه - قال: (( كنا إذا صعدنا كبرنا، وإذا نزلنا سبحنا )) [رواه البخاري: ٢٩٩٤]

♦ يكون التكبير عند صعود المرتفعات، والتسبيح عند النزول وانحدار الطريق.

**45. Ang Pagsabi ng Alláhu Akbar Kapag Aakyat at ang Pagsabi ng Subhánalláh Kapag Bababa.** Ayon kay Jábir (RA) na nagsabi: “Kami noon kapag aakyat ay nagsasabi ng Alláhu Akbar at kapag bababa

ay nagsasabi ng Subhánalláh.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 2994.) Ang pagsasabi ng Alláhu akbar ay sa pag-akyat ng matataas na lugar at ang pagsabi ng subhánalláh ay pagnaog at sa pagbaba ng daan.

٤٦ - **الدعاء حين نزول منزل** : عن خولة بنت حكيم - رضي الله عنها - قالت : سمعت رسول الله - ﷺ - يقول : « من نزل منزلاً ثم قال : أعوذ بكلمات الله التامات من شر ما خلق ، لم يضره شيء ، حتى يرتحل من منزله ذلك » [رواه مسلم : ٦٨٧٨]

**46. Ang Panalangin Kapag Titigil sa Isang Pook.**  
Ayon kay Khawlah Bint Hakím (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *Ang sinumang tumigil sa isang pook, pagkatapos ay nagsabi ng a‘údhū bikalimátilláhit támmáti min sharri má khaláq,*<sup>22</sup> *hindi siya masasaktan ng anuman hanggang sa lumisan siya sa tinuluyan niyang iyon.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6878.)

٤٧ - **البدء بالمسجد إذا قدم من السفر** : عن كعب بن مالك - (رضي الله عنه) - قال : « كان النبي - ﷺ - إذا قدم من سفر بدأ بالمسجد فصلى فيه » [متفق عليه : ٤٤٣ ، ١٦٥٩]

<sup>22</sup> Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa masama sa nilikha Niya.

**47. Ang Pagsisimula sa Masjid Kapag Dumating Mula sa Paglalakbay.** Ayon kay Ka‘b Ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag dumating mula sa isang pagla-lakbay, ay nagsisimula<sup>23</sup> sa masjid at nagdarasal doon.” (Muttafaq ‘Alayhi: 443/1659.)

## سنن اللباس و الطعام

### Ang mga Sunnah sa Kasuutan at Pagkain

٤٨ - الدعاء عند لبس ثوب جديد: عن أبي سعيد الخدري - رضي الله عنه - قال: كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - إذا استجد ثوبا سماه باسمه: إما قميصا، أو عمامة، ثم يقول: ((اللهم لك الحمد، أنت كسوتنيه، أسألك من خيره، وخير ما صنع له، وأعوذ بك من شره، وشر ما صنع له)) [رواه أبو داود: ٤٠٢٠]

**48. Ang Panalangin Kapag Magsusuot ng Bagong Damit.** Ayon kay Abú Sa‘íd al-Khudrí (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag nagsuot ng bagong damit, ay buma-banggit nito sa pangalan nito, na maaaring isang damit o isang turban, pagkatapos ay nagsasabi ng: **Alláhumma lakal hamd, anta kasawtaníhi, as‘aluka min khayrihi, wa khayri má suni‘a lah, wa a‘údhhu bika min sharrih, wa sharri má**

<sup>23</sup> Pagkarating niya (SAS) mula sa paglalakbay, ang masjid ang una niyang pinupuntahan.

sunī‘a lah.<sup>24</sup>” (Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud: 4020.)

٤٩ - لبس النعل باليمين : عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال : قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم : « إذا انتعل أحدكم فليبدأ باليمنى ، وإذا خلع فليبدأ بالشمال ، ولينعلهما جميعاً ، أو ليخلعهما جميعاً » [ متفق عليه : ٥٨٥٥ ، ٥٤٩٥ ]

**49. Ang Pagsusuot ng Sapin sa Paa Simula sa Kanan.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Kapag nagsuot ang isa sa inyo ng sapin sa paa ay mag-simula siya sa kanan. Kapag hinubad niya ay magsimula siya sa kaliwa. Isuot niya ang mga ito na magkasama o hubarin niya ang mga ito na magkasama.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 5855/5495.)

٥٠ - التسمية عند الأكل : عن عمر بن أبي سلمة - رضي الله عنه - قال : كنت في حجر رسول الله - صلى الله عليه وسلم - وكانت يدي تطيش في الصحفة ، فقال لي : « يا غلام سم الله ، وكل يميناك ، وكل مما يليك » [ متفق عليه : ٥٣٧٦ ، ٥٢٦٩ ]

**50. Ang Pagbanggit sa Ngalan ni Allah Kapag Kakain.** Ayon kay ‘Umar ibnu Abú Salamah na nagsabi: “Ako noon ay nasa tangkilik ng Sugo ni Allah (SAS). Minsan ang kamay ko ay naglilikut sa plato [habang kumakain] kaya nagsabi siya sa akin: **O bata,**

<sup>24</sup> O Allah, ukol sa Iyo ang papuri. Ikaw ay nagpadamit sa akin. Humihiling ako sa iyo ng mabuti rito at ng mabuti na ginawa para rito. Nagpapakupkop ako laban sa masama rito at sa masama na ginawa para rito.

*banggitin mo ang pangalan ni Allah,<sup>25</sup> kumain ka sa pamamagitan ng kanang kamay mo at kumain ka mula sa malapit sa iyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 5376/5269.)

٥١ - **حمد الله بعد الأكل والشرب**: عن أنس بن مالك - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: «إن الله ليرضى عن العبد أن يأكل الأكلة فيحمده عليها، أو يشرب الشربة فيحمده عليها» [رواه مسلم: ٦٩٣٢]

**51. Ang Pagpupuri Kay Allah<sup>26</sup> Pagkatapos Kumain at Uminom.** Ayon kay Anas ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Tunay na si Allah ay talagang nalu-lugod sa tao na kakain ng pagkain at saka magpupuri sa Kanya dahil doon, o iinom ng inumin at saka magpupuri sa Kanya dahil doon.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6932.)

٥٢ - **الجلوس عند الشرب**: عن أنس رضي الله عنه، عن النبي - صلى الله عليه وسلم: «أنه نهى أن يشرب الرجل قائماً» [رواه مسلم: ٥٢٧٥]

**52. Ang Pag-upo sa Pag-inom.** Ayon kay Anas (RA), ayon sa Propeta (SAS): “Na siya ay nagbawal na uminom ang tao na nakatayo.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 5275.)

<sup>25</sup> Magsabi ng **bismilláh**: sa ngalan ni Allah.

<sup>26</sup> Magsabi ng **alhamdu lilláh**: ang papuri ay ukol kay Allah.

٥٣ - **المضمضة من اللبن**: عن ابن عباس رضي الله عنه ، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - شرب لبناً فمضمض ، وقال : (( إن له دسماً )) [متفق عليه: ٥٦٠٩، ٧٩٨]

**53. Ang Pagmumumog Matapos Uminom ng Gatas.** Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA): “Ang Sugo ni Allah ay uminom ng gatas at nagmumog. Sinabi niya: Tunay na ito ay may sebo.” (Muttafaq ‘Alayhi: 798/5609.)

٥٤ - **عدم عيب الطعام**: عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال : (( ما عاب رسول الله - صلى الله عليه وسلم - طعاماً قط ، كان إذا اشتهاه أكله ، وإن كرهه تركه )) [متفق عليه: ٥٤٠٩، ٥٣٨٠]

**54. Ang Hindi Pagpintas Sa Pagkain.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Kailanman ay walang pagkaing pinintasan ang Sugo ni Allah (SAS); kung naiibigan niya iyon ay kakainin niya; at kung hindi niya naiibigan iyon ay hahayaan niya.” (Muttafaq ‘Alayhi: 5409/5380.)

٥٥ - **الاكل بثلاثة اصابع**: عن كعب بن مال - رضي الله عنه - قال : (( كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يأكل بثلاث اصابع ، ويلعق يده قبل أن يمسحها )) [رواه مسلم: ٥٢٩٧]

**55. Ang Pagkain sa Pamamagitan ng Tatlong Daliri.** Ayon kay Ka‘b Ibnu Málik (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay kumakain sa pamamagitan ng tatlong

daliri at dinidilaan niya ang kamay niya bago niya ito punasan.” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 5297.)

٥٦ - **الشرب والاستشفاء من ماء زمزم:** عن أبي ذر - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم - عن ماء زمزم: «إنها مباركة -، إنها طعام طعم» [رواه مسلم: ٦٣٥٩] زاد الطيالسي: «وشفاء سقم»

**56. Ang Pag-inom at ang Pagpapalunas mula sa Tubig ng Zamzam.** Ayon kay Abú Dharr (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS) tungkol sa tubig ng Zamzam: *Tunay na ito ay pinagpala, at tunay na ito ay pagkain na nakabubusog.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6359.) Ayon sa isinalaysay ni at-Tayálisí: *“...at lunas sa karamdaman.”*

٥٧ - **الأكل يوم عيد الفطر قبل الذهاب للمصلى:** عن أنس بن مالك - رضي الله عنه - قال: «كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - لا يغدو يوم الفطر حتى يأكل تمرات» وفي رواية: «ويأكلهن وترًا» [رواه البخاري: ٩٥٣]

**57. Ang Pagkain sa Araw ng ‘Ídul Fiṭr Bago Pumunta sa Dasalan.** Ayon kay Anas Ibnu Málík (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay hindi aalis sa araw ng ‘Ídul Fiṭr hangga’t hindi kuma-kain ng mga datiles.” Ayon naman sa isang sanaysay: “Kumakain siya sa mga ito ng gansal<sup>27</sup> [na bilang]. (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 953.)

<sup>27</sup> Ang odd sa ingles ay ang bilang na hindi mahahati sa dalawa gaya ng 1, 3, 5 at iba pa.



## الذكر والدعاء

### Ang Dhikr at ang Du‘á’

٥٨ - الإكثار من قراءة القرآن : عن أبي أمامة الباهلي - رضي الله عنه - قال : سمعت رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يقول : « اقرؤوا القرآن ، فإنه يأتي يوم القيامة شفيعاً لأصحابه » [رواه مسلم : ١٨٧٤]

**58. Ang Madalas na Pagbabasa o Pagbigkas ng Qur'an.** Ayon kay Abú Umámah al-Báhilí (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *Bigkasin<sup>28</sup> ninyo ang Qur'an sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagkabu-hay na isang tagapamagitan sa mga tumatangkilik dito.*” (Isina-laysay ito ni Imám Muslim: 1874.)

٥٩ - تحسين الصوت بقراءة القرآن : عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أنه سمع رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يقول : « ما أذن الله لشيء ما أذن لنبى حسن الصوت ، يتغنى بالقرآن يجهر به » [متفق عليه : ٥٠٢٤ ، ١٨٤٧]

**59. Ang Pagpapaganda sa Tinig sa Pagbasa o Pagbigkas sa Qur'an.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: “*Hindi nakikinig si Allah sa isang bagay gaya ng pakikinig*

<sup>28</sup> o Basahin.

*niya sa Propeta na maganda ang tinig, na tinatamisan ang bigkas sa Qur'an, na nilalakasan ito.*" (Muttafaq 'Alayhi: 5024/1847.)

٦٠ - **ذَكَرَ اللهُ عَلَى كُلِّ حَالٍ**: عن عائشة - رضي الله عنها - قالت: «كان رسول

الله - ﷺ - يذكر الله على كل أحيانه» [رواه مسلم: ٨٢٦]

**60. Ang Pagbanggit o Pag-alaala Kay Allah.** Ayon kay 'Á'ishah (RA) na nagsabi: "Ang Sugo ni Allah (SAS) noon ay bumabanggit kay Allah sa lahat ng sandali niya." (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 826.)

٦١ - **التسبيح**: عن جويرية رضي الله عنها، أن رسول الله - ﷺ - خرج من

عندها بكرة حين صلى الصبح، وهي في مسجدها، ثم رجع بعد أن أضحى،

وهي جالسة، فقال: «ما زلت على الحال التي فارقتك عليها؟» قالت: نعم

، قال النبي - ﷺ: «لقد قلتُ بعدك أربعَ كلماتٍ، ثلاثَ مراتٍ، لو وُزنتَ بما

قلتُ منذُ اليومَ لَوُزنتَهُنَّ: سبحانَ اللهِ ومحمده، عدد خلقه، ورضا نفسه، ووزنة

عرشه، ومدادَ كلماته» [رواه مسلم: ٢٧٢٦]

**61. Ang Pagluluwalhati Kay Allah.** Ayon kay Juwayríyah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay lumabas mula sa kinaroroo-nan niya nang maaga noong magdarasal ito ng fajr habang siya naman ay nasa dasalan niya. Pagkatapos ay bumalik ito matapos na tumaas na ang araw samantalang siya ay nakaupo pa, kaya nagsabi ito: *"Ikaw pa rin ay nasa [dating] kalagayan nang iniwan kita?"* Nagsabi siya: "Oo." Nagsabi ang Propeta (SAS): *"Nagsabi na ako, matapos [iwan] ka, ng apat na*

*pananalita nang tatlong ulit, na kung titimbangin batay sa sinabi mo magmula ngayong araw, talagang makatitimbang ng mga iyon ang mga ito: sub-hánalláhi wa bihamdih ‘adada khalqihi wa ridá nafsihi wa zinata ‘arshihi wa midáda kalimátihi.<sup>29</sup>”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2726.)

٦٢ - **تَشْمِيتُ الْعَاطِسِ**: عن أبي هريرة رضي الله عنه ، عن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال : « إذا عطس أحدكم فليقل : الحمد لله ، وليقل له أخوه أو صاحبه : يرحمك الله . فإذا قال له : يرحمك الله ، فليقل : يهديكم الله ويُصلح بالكم » [رواه البخاري : ٦٢٢٤]

**62. Ang Pagsabi ng Yarhamukalláh<sup>30</sup> sa Bumahin.** Ayon kay Abu Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: *“Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi siya ng alhamdu lilláh at magsabi naman sa kanya ang kapatid niya o ang kasa-mahan niya ng yarhamuka’lláh. Kapag nagsabi ito sa kanya ng yarhamuka’lláh ay magsabi naman siya [na bumahin] ng yahdí-kumu’lláhu wa yuslihu bálakum.<sup>31</sup>”* (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 6224.)

<sup>29</sup> Kaluwalahatian kay Allah at papuri sa Kanya ayon sa bilang ng nilikha Niya, kasiyahan ng sarili Niya, timbang ng Trono Niya at [dami ng] tinta ng mga salita Niya.

<sup>30</sup> Kaawaan ka ni Allah.

<sup>31</sup> Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin Niya ang inyong kalagayan.

٦٣ - **الدعاء للمريض**: عن ابن عباس رضي الله عنهما ، أن رسول الله - ﷺ دخل على رجل يعودُه ، فقال - ﷺ : (( لا بأسَ طهور ، إن شاء الله )) [رواه البخاري: ٥٦٦٢]

**63. Ang Panalangin sa May-sakit.** Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay pumasok sa kinaroroonan ng isang lalaking [may-sakit na] dinadalaw niya, at nagsabi siya: **Lá ba’sa tahúrun in shá’alláh.**”<sup>32</sup> (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 5662.)

٦٤ - **وضع اليد على موضع الألم ، مع الدعاء**: عن عثمان بن أبي العاص ، أنه شكأ إلى رسول الله - ﷺ . وجعاً ، يجده في جسده مُنذ أسلم ، فقال له رسول الله - ﷺ : ((ضع يدك على الذي يألم من جسدك ، وقل : باسم الله ، ثلاثاً ، وقل سبع مرات : أعوذُ بالله وقدرته من شر ما أجد وأحاذر)) [رواه مسلم: ٥٧٣٧]

**64. Ang Paglalagay ng Kamay sa Kinalalagyan ng Sakit Kalakip ng Panalangin.** Ayon kay ‘Uthmán Ibnu Abí al-‘Áss (SAS) na siya ay naghina-ing sa Sugo ni Allah (SAS) ng isang pananakit na natagpuan\_niya sa katawan niya magmula nang yuma-kap siya sa Islam, kaya nagsabi sa kanya ang Sugo ni Allah (SAS): **“Ilagay mo ang kamay mo sa sumasakit sa katawan mo at magsabi ka ng bismilláh nang makatatlo at magsabi ka**

<sup>32</sup> Walang kapinsalaan, [ang sakit ay] panlinis [sa kasalanan] kung loloobin ni Allah.

*nang pitong ulit na a'údhu billáhi wa qudratihi min sharri má ajidu wa uhádhir.*<sup>33</sup>” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 5737.)

٦٥ - **الدعاء عند سماع صياح الديك**، والتعوذ عند سماع نهيق الحمار: عن أبي هريرة رضي الله عنه، أن النبي ﷺ - قال: « إذا سمعتم صياح الديكة فاسألوا الله من فضله، فإنها رأت ملكاً، وإذا سمعتم نهيق الحمار فتعوذوا بالله من الشيطان، فإنها رأت شيطاناً » [متفق عليه: ٣٣٠٣، ٦٩٢٠]

**65. Ang Dalangin Kapag Nakarinig ng Tilaok ng Tandang at ang Pagpapakupkop Kay Allah Kapag Nakarinig ng Ungol ng Asno.** Ayon kay Abú Hurayrah: “Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *Kapag nakarinig kayo ng tilaok ng tandang ay humingi kayo kay Allah mula sa kabutihang-loob Niya sapag-kat tunay na ito ay nakakikita ng isang anghel. Kapag naka-rinig kayo ng ungol ng asno ay magpakupkop kayo kay Allah laban sa Demonyo sapagkat tunay na ito ay nakakikita ng isang demonyo.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 3303/6920.)

٦٦ - **الدعاء عند نزول المطر**: عن عائشة رضي الله عنها، أن رسول الله ﷺ - كان إذا رأى المطر قال: « اللهم صيباً نافعاً » [رواه البخاري: ١٠٣٢]

**66. Ang Dalangin Kapag Bumuhos ang Ulan.** Ayon kay ‘Á’ishah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) noon, kapag

<sup>33</sup> Nagpapakupkop ako kay Allah at sa kakayahan Niya laban sa [sakit na] na natagpuan ko at na pinangingilabutan ko.

nakakita ng ulan, ay nagsasabi: **Alláhumma sayyiban náfi‘á.**<sup>34</sup> (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 1032.)

٦٧ - **ذَكَرَ اللهُ عِنْدَ دُخُولِ الْمَنْزِلِ** : عن جابر بن عبد الله - رضي الله عنه - قال : سمعت النبي - صلى الله عليه وسلم - يقول : « إذا دخل الرجل بيته فذكر الله - عز وجل - عند دخوله ، وعند طعامه ، قال الشيطان : لا مبيت لكم ولا عشاء . وإذا دخل فلم يذكر الله عند دخوله ، قال الشيطان : أدركتم المبيت ، وإذا لم يذكر الله عند طعامه ، قال : أدركتم المبيت والعشاء » [رواه مسلم : ٥٢٦٢]

**67. Ang Pagbanggit Kay Allah sa Pagpasok sa Bahay.** Ayon kay Jábir Ibnu ‘Abdulláh (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Propeta (SAS) na nagsasabi: *Kapag pumasok ang tao sa bahay niya at binanggit nito si Allah – kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan – sa pagpasok nito at sa pagkain nito, magsa-sabi ang Demonyo [sa mga kampon niya]: Walang panggaging tuluyan para sa inyo at walang hapunan; ngunit kapag puma-sok siya at hindi binanggit si Allah sa pagpasok niya, magsa-sabi ang Demonyo [sa mga kampon niya]: Nagkamit kayo ng pangga-bing tuluyan; at kapag hindi niya binanggit si Allah sa pagkain niya, magsasabi siya [sa mga kampon niya]: Nagkamit kayo ng panggaging tuluyan at hapunan.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 5262.)

<sup>34</sup> O Allah, [gawin Mo ito na] isang ulan na napakikinabangan.

٦٨ - **ذِكْرُ اللَّهِ فِي الْمَجْلِسِ**: عن أبي هريرة رضي الله عنه، عن النبي ﷺ - قال: « ما جلس قوم مجلساً لم يذكروا الله فيه، ولم يُصلوا على نبيهم، إلا كان عليهم ترة (أي: حسرة) فإن شاء عذبهم، وإن شاء غفر لهم » [رواه الترمذي: ٣٣٨٠]

**68. Ang Pagbanggit Kay Allah sa Pagtitipon.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: *“Kapag may nagtipon na mga tao sa isang pagtitipon na hindi nila binanggit si Allah doon at hindi sila nanalangin ng pagpapala sa Propeta nila, may mapasakanila na isang pagsisisi. Kaya kung nana-isin Niya, parurusahan Niya sila. Kung nana-isin Niya, pata-tawarin Niya sila.”* (Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí: 3380.)

٦٩ - **الدعاء عند دخول الخلاء**: عن أنس بن مالك رضي الله عنه - قال: كان النبي ﷺ - إذا دخل (أي: أراد دخول) الخلاء قال: « اللهم إني أعوذ بك من الخُبث والخبائث » [متفق عليه: ٦٣٢٢، ٨٣١]

**69. Ang Panalangin sa Pagpasok sa Palikuran.** Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag papasok sa palikuran, ay nagsasabi: **Bismilláh, alláhumma inní a‘údhú bika minal khubthi wal khabá’ith.**”<sup>35</sup> (Muttafaq ‘Alayhi: 6322/831.)

<sup>35</sup> Sa ngalan ni Allah; O Allah, tunay na ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaeng demonyo.

٧٠ - **الدعاء عندما تعصف الرياح:** عن عائشة - رضي الله عنها - قالت: كان النبي - ﷺ - إذا عصفت الرياح قال: « اللهم إني أسألك خيرها، وخير ما فيها، وخير ما أرسلت به، وأعوذ بك من شرها، وشر ما فيها، وشر ما أرسلت به » [رواه مسلم: ٢٠٨٥]

**70. Ang Panalangin sa Pagbugso ng Hangin.** Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) noon, kapag bumugso ang hangin, ay nagsasabi: *Alláhumma inní as’aluka khayrahá wa khayra má fihá wa khayra má ursilat bihi wa a’úduhu bika min sharrihá wa min sharri má fihá wa sharri má ursilat bih.*<sup>36</sup>” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2085.)

٧١ - **الدعاء للمسلمين بظهر الغيب:** عن أبي الدرداء رضي الله عنه، أنه سمع رسول الله - ﷺ - يقول: « من دعا لأخيه بظهر الغيب، قال الملك الموكَّلُ به: آمين، ولك بمثل » [رواه مسلم: ٦٩٢٨]

**71. Ang Panalangin sa mga Kapwa Muslim Nang Palihim.** Ayon kay Abú Dardá’ (RA), narinig niya ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: “*Ang sinumang manalangin para sa kapatid niya [sa pananampalataya] nang palihim, magsasabi ang anghel na nakatalaga sa kanya: Amen, at sumaiyo ang tulad niyon.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6928.)

<sup>36</sup> O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng mabuti nito, ng mabuti sa loob nito at ng mabuti sa pagkakapadala nito; at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama nito, sa masama sa loob nito at sa masama sa pagkakapadala nito.



٧٢ - **الدعاء عند المصيبة**: عن أم سلمة - رضي الله عنها - أنها قالت، سمعت رسول الله - ﷺ - يقول: (( ما من مسلم تصيبه مصيبة فيقول ما أمره الله: إنا لله وإنا إليه راجعون، اللهم أجرني في مصيبي وأخلف لي خيراً منها - إلا أخلف الله له خيراً منها )) [رواه مسلم: ٢١٢٦]

**72. Ang Panalangin sa Sandali ng Kasawiang-palad.** Ayon kay Umm Salamah (RA) na nagsabi: “Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi: *Walang isang Muslim na dinapuan ng isang kasawiang-palad at saka sinabi ang ipinag-utos sa kanya ni Allah: Inná lilláhi wa inná ilayhi ráji‘ún; alláhum ma’jurní fí muşibatí wakhluf lí khayram minhá, na hindi tutumbasan ni Allah ng higit na mabuti kaysa roon.*<sup>37</sup>” (Isina-laysay ito ni Imám Muslim: 2126.)

٧٣ - **إفشاء السلام**: عن البراء بن عازب - رضي الله عنه - قال: (( أمرنا النبي - ﷺ - بسبع، ونهانا عن سبع: أمرنا بعبادة المريض، ... وإفشاء السلام، ... الحديث )) [متفق عليه: ٥١٧٥، ٥٣٨٨]

**73. Ang Pagpapalaganap ng Pagbati ng Kapayapaan.** Ayon kay al-Bará’ Ibnu ‘Ázib (RA) na nagsabi: “Inutusan tayo ng Propeta (SAS) ng pitong

<sup>37</sup> Tunay na tayo ay kay Allah at tunay na tayo ay sa Kanya babalik. O Allah, gantim-palaan Mo po ako dahil sa kasawiang-palad ko at tumbasan Mo po ako ng higit na mabuti kaysa roon.

[utos] at binawalan niya tayo ng pitong [bawal]. Ipinagutos niya sa atin ang pagdalaw sa may-sakit...ang pagpapalaganap sa pagbati ng kapayapaan...” (Muttafaq ‘Alayhi: 5175/5388.)

## سنن متنوعة

### Mga Sarisaring Sunnah

٧٤ - طلب العلم: عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: « من سلك طريقاً يلتمس فيه علماً سهل الله له به طريقاً إلى الجنة » [رواه مسلم: ٦٨٥٣]

**74. Ang Pagkamit ng Kaalaman.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sinu-mang tumahak sa isang landas, na naghahanap dahil doon ng kaalaman, padadaliin ni Allah para sa kanya dahil doon ang isang daan patungo sa Paraiso.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6853.)

٧٥ - الاستئذان قبل الدخول ثلاثاً: عن أبي موسى الأشعري رضي الله عنه ، أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - قال: « الاستئذان ثلاثاً، فإن أذن لك، وإلا فارجع » [متفق عليه: ٦٢٤٥، ٥٦٣٣]

**75. Ang Tatlong Ulit na Paghingi ng Pahintulot Bago Pumasok.** Ayon kay Abú Músá al-Ash‘arí (RA),

ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Ang paghingi ng pahintulot ay tatlong [ulit]. Kaya kung pinahintu-lutan ka, [pumasok ka] at kung hindi ay bumalik ka.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 6245/5633.)

٧٦ - **تعنيك المولود**: عن أبي موسى الأشعري - رضي الله عنه - قال: «وُلد لي غلام ، فأُتيت به النبي - صلى الله عليه وسلم - فسماه إبراهيم ، فحنكه بتمرّة ودعا له بالبركة ... الحديث » [متفق عليه: ٥٤٦٧، ٥٦١٥]

❖ **التحنيك**: هو مضغ طعام حلو، وتحريكه في فم المولود، والأفضل أن يكون التحنيك بالتمر.

**76. Ang Pagsasagawa ng Tahnik sa Sanggol.**  
Ayon kay Abú Músá al-Ash‘arí (RA) na nagsabi: “Ipinanganak sa akin ang isang bata kaya dinala ko ito sa Propeta (SAS), pagkatapos ay pinangalanan niya ito na Ibráhím at pinagsagawaan ng tahnik sa pamamagitan ng isang datiles at dumalangin siya para rito ng pagpapala.” (Muttafaq ‘Alayhi: 5467/5615.) Ang **Tahnik** ay ang pagnguya ng isang matamin na pagkain at pagagalawin sa bibig ng sanggol. Ang pinakamainam na gamitin sa tahnik ay ang datiles.

٧٧ - **العقيقة عن المولود**: عن عائشة - رضي الله عنها - قالت: «أمرنا رسول الله - صلى الله عليه وسلم - أن ننعق عن الجارية شاة، وعن الغلام شاتين» [رواه أحمد:

**77. Ang Pagdaos ng ‘Aqíqah Para sa Sanggol.** Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Inutusan tayo ng Sugo ni Allah (SAS) na maghanda sa ‘aqíqah para sa batang babae ng isang tupa at para sa batang lalaki ng dalawang tupa.” (Isinalaysay ito ni Imám Ahmad: 25764.)

٧٨ - **كشف بعض البدن ليصيبه المطر:** عن أنس - رضي الله عنه - قال: أصابنا مع رسول الله - صلى الله عليه وسلم - مطر. قال: فحسر رسول الله - صلى الله عليه وسلم - عن ثوبه حتى أصابه من المطر، فقلنا: يا رسول الله! لم صنعت هذا؟ قال: (( لأنه حديث عهد بربه )) [رواه مسلم: ٢٠٨٣] ♦ حسر عن ثوبه أي: كشف بعض بدنه.

**78. Ang Paglalantad sa Ilang Bahagi ng Katawan Upang Mabasa ng Ulan.** Ayon kay Anas (RA) na nagsabi: “Dinatnan kami kasama ng Sugo ni Allah (SAS) ng ulan. Binatak ng Sugo ni Allah (SAS) ang damit niya hanggang sa matamaan ng ulan kaya nagsabi kami: O Sugo ni Allah, bakit mo ginawa ito? Sinabi niya: *Dahil ito ay bagong dating mula sa Panginoon nito.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2083.)

٧٩ - **عيادة المريض:** عن ثوبان، مولى رسول الله صلى الله عليه وسلم، عن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - قال: (( من عاد مريضا، لم يزل في حُرْفَةِ الْجَنَّةِ )) قيل: يا رسول الله! وما حُرْفَةُ الْجَنَّةِ؟ قال: (( جناها )) [رواه مسلم: ٦٥٥٤]

**79. Ang Pagdalaw sa May-sakit.** Ayon kay Thawbán, ang utusan ng Sugo ni Allah (SAS), ayon sa Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: “*Ang sinumang dumalaw sa isang may-sakit ay hindi mahihinto sa pananatili sa bungang-kahuyan ng Paraiso.*” Sinabi:

O Sugo ni Allah, at ano po ang bungang-kahuyan ng Paraiso? Nagsabi siya: “*Ang mga pini-pitasan [ng mga bunga] doon.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6554.)

٨٠ - **التبسم**: عن أبي ذر - رضي الله عنه - قال: قال لي النبي - صلى الله عليه وسلم: (( لا تحقرن من المعروف شيئاً، ولو أن تلقى أخاك بوجه طلق )) [رواه مسلم: ٦٦٩٠]

**80. Ang Pagngiti.** Ayon kay Abú Dharr (RA) na nagsabi: “Nag-sabi sa akin ang Propeta (SAS): *Huwag nga kayong magmama-liit sa nakabubuti na anuman, kahit man lamang na salubu-ngin mo ang kapatid mo ng maaliwalas na mukha.*” (Isinalay-say ito ni Imám Muslim: 6690.)

٨١ - **التزاور في الله**: عن أبي هريرة رضي الله عنه ، عن النبي - صلى الله عليه وسلم: (( أن رجلاً زار أخاً له في قرية أخرى ، فأرصد الله له على مدرجته ملكاً ( أي : أقعده على الطريق يرقبه ) فلما أتى عليه قال : أين تريد؟ قال : أريد أخاً لي في هذه القرية. قال : هل لك عليه من نعمة تربها؟ قال : لا ، غير أنني أحببته في الله عز وجل ، قال : فإني رسول الله إليك ، بأن الله قد أحبك كما أحببته فيه )) [رواه مسلم: ٦٥٤٩]

**81. Ang Pagdadalawan Alang-alang Kay Allah.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS): “*Na may isang lalaki na dumalaw sa isang kapatid niya sa ibang nayon at nagpaabang si Allah sa kanya sa daanan niya ng isang anghel. Noong dumating siya rito ay tinanong nito siya: Saan mo nina-nais [pumunta]?*”

*Nagsabi siya: Ninanais ko [na pumunta] sa isang kapatid ko sa nayong ito. Nagsabi ito sa kanya: Nagkamit ka ba sa kanya ng isang kagandahang-loob na tutumbasan mo? Nagsabi siya: Hindi; kaya lamang inibig ko siya alang-alang kay Allah – kagalang-galang Siya at kapita-pitagan. Nagsabi ito: Tunay na ako ay sugo ni Allah [na nagpapabatid] sa iyo na si Allah ay umibig sa iyo gaya ng pag-ibig mo rito alang-alang sa Kanya.”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 6549.)

٨٢ - إعلام الرجل أخيه أنه يحبه : عن المقدم بن معدي كرب (رضي الله عنه) ،  
أنَّ النبي - ﷺ - قال : (( إذا أحب أحدكم أخاه ، فليُعَلِّمه أنه يحبه )) [رواه  
أحمد : ١٦٣٠٣]

**82. Ang Pagpapabatid ng Tao sa Kapatid Niya na Iniibig Niya Ito.** Ayon kay Miqdám Ibnu Ma’díkarib (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: *“Kapag inibig ng isa sa inyo ang kapatid niya, ipaalam niya rito na iniibig niya ito.”* (Isinalaysay ito ni Imám Ahmad: 16303.)

٨٣ - رد التثاؤب : عن أبي هريرة - (رضي الله عنه) - قال : قال رسول الله - ﷺ - : ((  
التثاؤب من الشيطان ، فإذا تثاؤب أحدكم فليرده ما استطاع ، فإن أحدكم  
إذا قال : ها ، ضحك الشيطان )) [متفق عليه : ٣٢٨٩ ، ٧٤٩٠]

**83. Ang Pag-iwas sa Paghikab.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: *“Ang Paghikab ay mula sa*

*Demonyo. Kaya kapag hihikab ang isa sa inyo ay pigilin niya ito hanggang sa maka-kaya niya, sapagkat tunay na ang isa sa inyo, kapag nagsabi ng ha,<sup>38</sup> ay pagtatawanan ng Demonyo.”* (Muttafaq ‘Alayhi: 3289/7490.)

٨٤ - **إحسان الظن بالناس**: عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله ﷺ . قال: ((إياكم والظن ، فإن الظن أكذب الحديث)) [متفق عليه: ٦٠٦٧، ٦٥٣٦]

**84. Ang Pagpapaganda ng Palagay sa mga Tao.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Mag-ingat kayo sa palagay sapagkat tunay na ang palagay ay pina-kasinungaling na pahayag.”* (Muttafaq ‘Alayhi: 6067/6536.)

٨٥ - **معاونة الأهل في أعمال المنزل**: عن الأسود قال: سألت عائشة - رضي الله عنها - ما كان النبي ﷺ - يصنع في بيته؟ قالت: (( كان يكون في مهنة أهله (أي: خدمتهم) ، فإذا حضرت الصلاة خرج إلى الصلاة )) [رواه البخاري: ٦٧٦]

**85. Ang Pagtulong sa Mag-anak sa mga Gawain sa Bahay.** Ayon kay al-Aswad na nagsabi: “Tinanong ko si ‘Á’ishah (RA) kung ano noon ang ginagawa ng Propeta (SAS) sa bahay niya. Sinabi nito: Siya noon ay nasa paglilingkod sa mag-anak niya; ngunit kapag dumating

<sup>38</sup> Habang naghihikab.

ang [oras ng] saláh ay lumalabas siya papunta sa saláh.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 676.)

٨٦ - **سُنن الفطرة**: عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: «  
الفطرة خمس، أو خمس من الفطرة: الختان، والاستحداد (حلق شعر العانة)، وتنف الإبط، وتقليم الأظفار، وقص الشارب» [متفق عليه: ٥٨٨٩،  
]٥٩٧

**86. Ang mga Alituntunin ng Likas na Kalinisan.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: Nagsabi ang Propeta (SAS): “*Ang Likas na Kalinisan ay lima, o lima mula sa Likas na Kalinisan: ang pagpapatuli, ang pag-ahit ng buhok sa ari, ang pag-alis ng buhok sa kili-kili, ang pagpuputol sa mga kuko at ang paggupit sa bigote.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 5889/597.)

٨٧ - **كفالة اليتيم**: عن سهل بن سعد رضي الله عنه ، عن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال: «  
أنا وكافل اليتيم في الجنة هكذا» . و قال بإصبعيه السبابة والوسطى. [رواه البخاري: ٦٠٠٥]

**87. Ang Pag-aaruga sa Ulila.** Ayon kay Sahl Ibnu Sa‘d, ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “*Ako at ang nag-aaruga ng ulila sa Paraiso ay ganito.*” Sinabi niya iyon na magkadikit ang dala-wang daliri niya: ang hintuturo at ang hingigitna. (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí: 6005.)



٨٨ - **تجنب الغضب:** عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رجلاً قال للنبي صلى الله عليه وسلم : أوصني ، قال : « لا تغضب » . فردد مراراً ، قال : « لا تغضب » [رواه البخاري : ٦١١٦]

**88. Ang Pag-iwas sa Galit.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA): “May isang lalaki na nagsabi sa Propeta (SAS): Tagubilinan mo po ako. Nagsabi siya: *Huwag kang magalit*. Kaya inulit nito ng makailang ulit. Nagsabi siya: *Huwag kang magalit*.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 6116.)

٨٩ - **البكاء من خشية الله:** عن أبي هريرة رضي الله عنه ، عن النبي صلى الله عليه وسلم . قال : «سبعة يظلمهم الله في ظله ، يوم لا ظل إلا ظله ... وذكر منهم : ورجل ذكر الله خالياً ففاضت عيناه» [متفق عليه : ١٠٣١ ، ٦٦٠]

**89. Ang Pag-iyak Dahil sa Takot Kay Allah.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “*May pitong [uri ng tao na] pasisilungin sila ni Alláh sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya:...(binanggit ang isa sa kanila:) isang taong nang maalaala si Alláh habang nag-iisa ay nag-umapaw ang mga mata nito [sa luha].*” (Muttafaq ‘Alayhi: 660/1031.)

٩٠ - **الصدقة الجارية:** عن أبي هريرة رضي الله عنه ، أن رسول الله صلى الله عليه وسلم - قال : «إذا مات الإنسان انقطع عمله إلا من ثلاث: إلا من صدقة جارية ، أو علم ينتفع به ، أو ولد صالح يدعو له» [رواه مسلم : ٤٢٢٣]

**90. Ang Kawanggawang Nagpapatuloy.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *“Kapag namatay ang anak ni Adan, napuputol ang gawa niya maliban sa tatlo: maliban sa kawanggawang nagpapatuloy o kaalamang napakikinabangan o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya.”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 4223.)

٩١ - **بناء المساجد:** عن عثمان بن عفان رضي الله عنه ، قال عند قول الناس فيه حين بنى مسجد رسول الله ﷺ : إنكم أكثرتم وإني سمعت النبي ﷺ يقول : « من بنى مسجداً - قال بكبير : حسبت أنه قال : يبتغي به وجه الله - بنى الله له مثله في الجنة » [متفق عليه: ٤٥٠ ، ٥٣٣]

**91. Ang Pagpapatayo ng mga Masjid.** Ayon kay ‘Uthmán Ibnu ‘Affán (RA) na nagsabi nang nagsalita ang mga tao hinggil sa kanya noong itatayo niya ang Masjid ng Sugo ni Allah (SAS): Tunay na kayo ay maraming sinabi at tunay na ako ay nakarinig sa Propeta (SAS) na nagsasabi: *“Ang sinumang magpatayo ng isang masjid,”* – nagsabi si Bukayr: Ipinagpalagay ko na nagsabi siya: *“na hinahangad sa pamamagitan nito ang [ikasi-siya ng] Mukha ni Allah”* – *“magpapatayo si Allah para sa kanya ng tulad niyon sa Paraiso.”* (Muttafaq ‘Alayhi: 450/533.)

٩٢ - **السماحة في البيع والشراء:** عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما، أن رسول الله - ﷺ - قال: «رحم الله رجلاً سمحاً إذا باع، وإذا اشترى، وإذا اقتضى» [رواه البخاري: ٢٠٧٦]

**92. Ang Kaluwagan sa Pagtitinda at Pagbili.** Ayon kay Jábir Ibnu ‘Abdilláh (RA): “Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: *Kinaaawaan ni Allah ang isang taong maluwag kapag nagtinda, kapag bumili at kapag naningil.*” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 2076.)

٩٣ - **إزالة الأذى عن الطريق:** عن أبي هريرة رضي الله عنه، أن رسول الله - ﷺ - قال: «بينما رجل يمشي بطريق، وجد غصن شوك على الطريق، فأخره، فشكر الله له، فغفر له» [رواه مسلم: ٤٩٤٠]

**93. Ang Pag-aalis sa Daan ng Nakapipinsala.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: “*Habang ang isang tao ay naglalakad sa daan, nakakita siya ng isang sanga ng mga tinik na nasa daan. Itinabi niya ito kaya kinilala ni Allah ang kabutihan niya at pinatawad siya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 4940.)

٩٤ - **الصدقة:** عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال، قال رسول الله - ﷺ -: «من تصدق بعدل تمرة من كسب طيب، ولا يقبل الله إلا الطيب، فإن الله يتقبلها بيمينه، ثم يريها لصاحبه كما يربي أحدكم فلوة حتى تكون مثل الجبل» [متفق عليه: ١٠٤١٠، ١٠١٤]

**94. Ang Kawanggawa.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nag-sabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sinumang magka-wanggawa ng katumbas sa isang datiles mula sa mabuting kinita—at hindi tatanggapin ni Allah kundi ang mabuti—tunay na si Allah ay tatanggap nito sa pamamagitan ng kanang kamay Niya at saka palalakihin niya ito [sa gantimpala], gaya ng pagpapalaki ng isa sa inyo sa guyang kabayo niya, hanggang sa maging tulad ng bundok.*” (Muttafaq ‘Alayhi: 1410/1014.)

٩٥ - الإكثار من الأعمال الصالحة في عشرين العجة : عن ابن عباس  
 ﷺ ، عن النبي ﷺ ، أنه قال : « ما العمل في أيام أفضل منها في هذه  
 (يعني أيام العشر) » قالوا : ولا الجهاد؟ قال : « ولا الجهاد ، إلا رجل خرج  
 يخاطر بنفسه وماله فلم يرجع بشيء » [رواه البخاري : ٩٦٩]

**95. Ang Pagpaparami sa mga Matuwid na Gawain sa Unang Sampung Araw ng Dhulhijjah.** Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: “*Walang gawain [na ginawa] sa [ibang] mga araw na higit na mainam kaysa [sa ginawa] sa [unang sampung araw ng Dhulhijjah] na ito.*” Nagsabi sila: “Ni ang Pakikibaka?” Nagsabi siya: “*Ni ang Paki-kibaka; maliban sa isang taong humayo [sa Pakikibaka] na isinusuong sa panganib ang sarili niya*

*at ang ari-arian niya at hindi bumalik na may dalang anuman.*<sup>39</sup>” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári: 969.)

٩٦ - **قتل الوزغ:** عن أبي هريرة - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: «من قتل وزغا في أول ضربة كتبت له مئة حسنة، وفي الثانية دون ذلك، وفي الثالثة دون ذلك» [رواه مسلم: ٨٥٤٧]

**96. Ang Pagkitil sa Butiki.** Ayon kay Abú Hurayrah (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): *Ang sinumang pumatay ng isang butiki, sa unang paghampas ay magsusulat sa kanyang [talaan] ng isandaang magandang gawa, sa ikalawa ay mababa roon [sa una], at sa ikatlo ay mababa roon [sa ikalawa].*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 8547.)

٩٧ - **النهي عن أن يُحدّث المرء بكل ما سمع:** عن حفص بن عاصم - رضي الله عنه - قال: قال رسول الله - صلى الله عليه وسلم: «كفى بالمرء إثمًا أن يُحدّث بكل ما سمع» [رواه مسلم: ٧]

**97. Ang Pagbabawal na Isalaysay ng Tao ang Bawat Narinig Niya.** Ayon kay Hafs Ibnu ‘Ásim (RA) na nagsabi: “Nagsabi ang Sugo ni Allah: *Nakasapat na sa tao bilang kasa-lanan na isalaysay*

<sup>39</sup> Hindi nakabalik dahil namatay na nakikibaka para kay Allah.

*niya ang bawat marinig niya.*” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 7.)

٩٨ - **احتساب النفقة على الأهل:** عن أبي مسعود البدرى رضي الله عنه ، عن النبي ﷺ - قال: « إن المسلم إذا أنفق على أهله نفقة ، وهو يحتسبها ، كانت له صدقة » [رواه مسلم: ٢٣٢٢]

**98. Ang Paghahangad na Gantimpala ni Allah Dahil sa Paggugol sa Mag-anak.** Ayon kay Abú Mas‘úd al-Badrí (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: *“Tunay na ang isang Muslim kapag gumugol sa mag-anak niya ng isang gugulim samantalang siya ay naghahangad [kay Allah ng gantimpala] niyon, magkakamit siya ng gantimpala.”* (Isinalaysay ito ni Imám Muslim: 2322.)

٩٩ - **الرَّمْلُ فِي الطَّوَافِ:** عن ابن عمر - رضي الله عنهما - قال: « كان رسول الله ﷺ - إذا طاف الطواف الأول ، خباً (أي: رَمَل) ثلاثاً ومشى أربعاً ... الحديث » [متفق عليه: ١٦٤٤، ٣٠٤٨] **الرَّمْلُ:** هو الإسراع بالمشي مع مقاربة الخطى. ويكون في الأشواط الثلاثة من الطواف الذي يأتي به المسلم أول ما يقدم إلى مكة ، سواء كان حاجاً أو معتمراً.

**99. Ang Raml sa Tawáf.** Ayon kay Ibnu ‘Umar (RA) na nagsabi: “Ang Sugo ni Allah (SAS) kapag nagsasagawa ng unang tawáf ay nagsasagawa ng raml sa [unang] tatlong

[tawáf] at nagla-lakad sa [huling] apat [na tawáf].” (Muttafaq ‘Alayhi: 1644/3048.) Ang **Raml** ay pagpapabilis sa paglakad kalakip ng magkakalapit na mga hakbang. Ito ay isinasagawa sa unang tatlong pag-ikot sa tawáf, na isinasagawa sa unang pagdating sa Makkah ng isang nagsasagawa ng ‘umrah o hajj.

١٠٠ - **المدائمة على العمل الصالح وإن قل**: عن عائشة رضي الله عنها، أنها قالت: سئل رسول الله - ﷺ: أي الأعمال أحب إلى الله؟ قال: ((أدومها وإن قل)) [متفق عليه: ٦٤٦٥، ١٨٢٨]

**100. Ang Pagpapanatili sa Matuwid na Gawain Kahit Kakaunti.** Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Tinanong ang Sugo ni Allah (SAS): Alin sa mga gawain ang pinakanaibig ni Allah? Nagsabi siya: **Ang higit na nananatili kahit pa kakaunti.**” (Muttafaq ‘Alayhi: 6465/1828.)